Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-26 NG MAYO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | Kasangguni |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 109-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA REGIONAL INTER-AGENCY TASKS FORCE (IATF) CHAIRPERSON JULIE J. DAQUIOAG, PHD., CESO III NA MAPAHINTULUTAN ANG PAG-ANGKAS SA MGA MOTORSIKLO AT BISIKLETA PARA SA MGA MAGKASAMA SA IISANG TAHANAN SA LUNGSOD NG MALOLOS.

AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA,
KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS,
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO,
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA,
KGG DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

**SAPAGKAT,** noong ika-16 ng Mayo, 2020 ipinasiya ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Disease na isailalim sa *Modified Enhanced Community Quarantine* (MECQ) ang Lalawigan ng Bulacan mula ika-16 ng Mayo, 2020 hanggang ika-31 ng Mayo, 2020 sa pamamagitan ng IATF Resolution No. 37 series of 2020;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Section 2(4) at Section 3(4) ng IATF Resolution No. 37 sa panahon ng *Modified Enhanced Community Quarantine* (MECQ) ay mayroon nang mga establisyimentong pinahihintulutang magbukas upang maipagpatuloy ang kanilang operasyon at bunga nito ay may mga empleyado nang maaring makapaghanapbuhay, kaakibat dito ang mga limitasyon ukol sa bilang ng mga manggagawa na maaaring papasukin;

**SAPAGKAT,** batay sa Section 3(11) ng IATF Resolution No. 30 ang mga pampublikong sasakyan ay kasalukuyan pa ding suspendido kung kaya't ang mga empleyado ay nahihirapang pumasok sa kanilang mga trabaho;

**SAPAGKAT,** isa sa nakikitang solusyon ng Sangguniang Panlungsod ay payagan ang angkas sa motorsiklo kung ang nakasakay ay nakatira sa iisang tahanan tulad ng asawa o' anak, kaakibat nito ang pagsunod sa anumang alituntuning itinatadha ng batas;

**SAPAGKAT,** ang motorsiklo ay naging bahagi na ng araw-araw na pamumuhay, isa ito sa itinuturing na pangunahing transportasyon ng karamihan nang mamamayan sa lungsod na unti-unting pinagsumikapang mai-pundar upang magamit na *service* ng bawat pamilya patungo sa trabaho at gayundin sa pagtupad ng mahalagang gawain;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa itinatadhana ng Seksyon 16 ng *Republic Act No. 7160* o' mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas ng 1991 na ang mga pamahalaang lokal ay marapat lamang na magbalangkas ng mga polisiya at prgramang magsusulong ng kagalingang panlipunan;

Sa nagkakaisang mungkahi ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos, ay

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na pagtibayin ang Kapasiyahang Panlungsod na humihiling sa Regional Inter-Agency Tasks Force (IATF) Chairperson Julie J. Daquioag, Phd., CESO III na mapahintulutan ang pag-angkas sa mga motorsiklo at bisikleta para sa mga magkasama sa iisang tahanan sa Lungsod ng Malolos.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

***KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*05262020